SAFE
LONG BEACH

MY BROTHER'S KEEPER
LONG BEACH

CITY OF
LONG BEACH

ISANG MAKASAYSAYANG HAMON, ISANG NATATANGING OPORTUNIDAD

Noong Pebrero 2014, si Pangulong Obama ay naglunsad ng inisyatibang *My Brother's Keeper* (MBK) upang harapin ang mga patuloy na puwang sa oportunidad na kinakaharap ng mga batang lalaki at binatang iba ang kulay. Pagkatapos ng taong yun, ang Administrasyong Obama ay nag-isyu ng MBK Hamon sa Komunidad bilang isang tawag ng aksyon para sa mga lungsod, bayan, bansa at tribal na nasyon na bumuo at isagawa ang mga plano sa "duyan tungo sa kolehiyo at karera" sa paligid ng anim na mga mahahalagang milyahe sa tagumpay. Sa pagkilala na ang Lungsod ay nasa maayos na posisyon upang maging isang komunidad ng MBK, ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay inutusan ang Manager ng Lungsod na iulat kung paano makatutugon ang Lungsod sa Hamon at pabutihin ang mga kondisyon para sa mga batang lalaki at binatang iba ang kulay sa Long Beach. Noong Enero 2015, tinanggap ng Konseho ng Lungsod ang MBK Hamon sa Komunidad.

Si Alkalde Garcia ang bumuo ng MBK Task Force (Task Force) ng Long Beach, isang malawak na grupong binubuo ng mahigit sa 40 kinatawan, na binubuo ng mga opisyal ng Lungsod, guro, tagapagpatupad ng batas, tagapamahala ng lokal na ospital at organisasyong base sa pananampalataya at komunidad. Ang Task Force ay binubuo ng mga tauhan mula sa Opisina ng Alkalde, Mga Serbisyo sa Pagpapaunlad ng Long Beach, at ang Kagawaran ng Teknolohiya at Pagbabago. Ang Bloomberg Associates at PolicyLink ay nagbigay ng konsultasyon nang pro-bono sa mga tauhan ng Lungsod at Task Force sa pagpapaunlad ng Lokal na Plano ng Askyon ng MBK. Ang Task Force ay nagpulong sa kabuuan ng 2015 at muli noong Pebrero 2016. Sa mga pagpupulong na ito, ang mga miyembro ng Task Force ay sinuri ang mga paglilitis ng Summit, nagbigay ng input, at nagsagawa ng isang proseso ng pagboto upang kilalanin kung aling prayoridad mula sa mga iminungkahi ng White House ang pinakaangkop para sa Long Beach. Sa maraming pag-uusap, nagsimulang mabuo ang isang malamang input at pananaw mula sa proceso, na hinubog ang Lokal na Plano ng Aksyon ng MBK.

MY BROTHER'S KEEPER
LONG BEACH

MGA MILYAHE NG LOKAL NA PLANO NG AKSYON

MILYAHE 01

PUMASOK SA PAARALAN NA HANDANG MATUTO

Lahat ng bata ay dapat may isang malusog na simula at pumasok sa paaralan nang handa – sa aspeto ng pag-iisip, pisikal, sosyal at emosyon.

ANG MGA **SOLUSYON**

Bumuo ng isang Plano ng Maagang Pag-aaral sa Kabataan sa Buong Lungsod

Pangkalahatang Preschool

Collaborative ng Pagbisita sa Tahanan ng Long Beach

MILYAHE 02

MAGBASA SA ANTAS NA BAITANG SA IKATLONG BAITANG

Lahat ng bata ay dapat nagbabasa na sa antas na baitang sa edad na walong taon-ang edad na nagbabasa para matuto, at hindi lamang natututong magbasa, ay mahalaga.

ANG MGA **SOLUSYON**

Kampanya ng Long Beach para sa Pagbabasa sa Antas na Baitang

Long Beach Unified School District (LBUSD) Local Control Accountability Plan (LCAP)

Mga Partner sa Pagbabasa at Mga Guro sa Literacy

MILYAHE 03

MAGTAPOS SA HAYSKUL NA HANDA PARA SA KOLEHIYO AT KARERA

Bawat batang Amerikano ay dapat may isang opsyon pagkatapos ng sekondarya.

ANG MGA **SOLUSYON**

Ang Pangakong Kolehiyo ng Long Beach

LBUSD Kampayang *All In*

Programa sa Pagtuturo ng *Ligtas na Long Beach*.

MILESTONE 04

KUMPLETONG EDUKASYON O PAGSASANAY PAGKATAPOS NG SEKONDARYA

Lahat ng Amerikano ay dapat makatanggap ng edukasyon at pagsasanay na kailangan para sa mga kalidad na trabaho ngayon at bukas.

ANG MGA **SOLUSYON**

Pangkomunidad na Kolehiyo ng Long Beach

Mga Programa ng California State University, Mga Programa ng Long Beach

Pinagsama-samang Imprastraktura para sa mga Programa sa Pagsasanay at Oportunidad na Pangkabataan.

MILYAHE 05

MATAGUMPAY NA PUMASOK SA WORKFORCE

Sinumang nais ng isang trabaho ay dapat kumuha ng isang trabahong papayagan silang masuportahan ang mga sarili at ang kanilang mga pamilya.

ANG MGA **SOLUSYON**

Long Beach Muna

Hamon sa Internship ng Long Beach ni Alkalde Robert Garcia

Programa sa mga Trabahong Pangkabataan

MILYAHE 06

LIGTAS MULA SA KARAHASAN AT NAGBIGAY NG PANGALAWANG PAGKAKATAON

Lahat ng bata ay dapat ligtas sa marahas na krimen; at ang mga indibidwal na nakakulong ay dapat makatanggap ng edukasyon, pagsasanay at lunas upang magkaroon ng pangalawang pagakataon.

ANG MGA **SOLUSYON**

Promising Adults, Tomorrow's Hope (PATH)

Pagpapanumbalik ng Katarungan

Reporma sa Detensyon ng Kabataan.

Para sa karagdagang impormasyon sa My Brother's Keeper Long Beach, pumunta sa www.mbklongbeach.com.

CITY OF
LONGBEACH

Mga Serbisyo sa Pagpapaunlad ng Long Beach
333 W. Ocean Blvd., Ika-3 Palapag
Long Beach, CA 90802

Bisitahin kami sa www.lbds.info

facebook.com/LongBeachDevelopmentServices

@LongBeachDS

Ang impormasyong ito ay available sa alternatibong format kung hihilingin sa (562) 570-3807.